



INILABAS NA BALITA

ILALABAS KAAGAD: Pebrero 14, 2018

KOKONTAKIN: Ralph Borrmann, 415.749.4900

Ang Air District (Distrito ng Hangin) ay magsasagawa ng mga workshop para sa Pagsubaybay sa Hangin sa Komunidad ng Refinery

Humihingi ng mungkahi ang Air District sa pagpapalawak ng mga pagsusumikap para sa pagsubaybay sa hangin sa mga komunidad ng refinery ng Bay Area

SAN FRANCISCO – Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) ay magsasagawa ng serye ng mga workshop upang ipatupad ang karagdagang pagsubaybay sa hangin sa mga komunidad na malapit sa mga refinery.

Sa mga workshop, magkakaroon ng pagkakataon ang publiko na malaman ang tungkol sa kasalukuyan at paparating na pagsubaybay sa o malapit sa mga refinery, magtanong sa kawani ng Air District, magbahagi ng impormasyon tungkol sa kanilang mga komunidad at ang kanilang mga ideya tungkol sa mga gagawing pagsusumikap para sa pagsubaybay.

“Pinagtibay ng Air District ang Regulasyon 12, Tuntunin 15 noong 2016 upang pahintulutan ang Air District at ang mga lungsod sa mga komunidad ng refinery na makakalap ng higit pang wastong datos tungkol sa mga inilalabas sa hangin mula sa mga refinery,” ang sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Hinihikayat namin ang publiko, lokal na pamahalaan at ang mga empleyado ng refinery na samahan kami sa mga workshop na ito upang magtanong, magbigay ng komento o para marinig lang ang talakayan tungkol sa bagong inisiyatibang ito.”

Simula pa noong 1962 sinusukat na ng Air District ang kalidad ng hangin noong itinatag nito sa bansa ang unang panrehiyong sistema ng pagsubaybay sa hangin sa paligid. Ang sistemang iyon na binubuo ng mahigit 30 istasyon ng pagsubaybay sa kalidad ng hangin, ay umunlad bilang isa sa pinakamalawak na mga network ng pagsubaybay sa hangin sa bansa.

Ang kasalukuyang pagsusumikap upang palawakin ang pagsubaybay sa paligid ng mga komunidad ng refinery ng Bay Area ay idaragdag sa malawak nang network ng Air District.

Iskedyul ng Workshop

Richmond

Miyerkules, Pebrero 21, 6-8 p.m.
Richmond Convention Center Complex,
Bermuda Room
403 Civic Center Plaza

Rodeo

Huwebes, Marso 1, 6-8 p.m.
Lefty Gomez Recreation Center
470 Parker Avenue

Martinez

Huwebes, Pebrero 22, 6-8 p.m.
City of Martinez Council Chamber
525 Henrietta Street

Benicia

Lunes, Marso 5, 6-8 p.m.
Veterans Memorial Building
1150 First Street

Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang flyer ng Workshops on Refinery Community Monitoring (Mga Workshop sa Pagsubaybay sa Komunidad ng Refinery) sa http://www.baaqmd.gov/~media/files/technical-services/12_15-open-house-flyerv2-pdf.pdf?la=en

Para sa mga tanong, mangyaring makipag-ugnayan kay Katherine Hoag sa khoag@baaqmd.gov o 415 749-4619.

Spanish interpretation will be available. Interpretation for other languages can be provided upon request at least 72 hours before the event. Contact Azibuike Akaba at aakaba@baaqmd.gov or 415.749.8603 to request interpretation.

Habr  interpretaci n al espa ol disponible. El servicio de interpretaci n para otros idiomas estar  disponible si se solicita al menos 72 horas antes del evento. Comun quese con Azibuike Akaba en aakaba@baaqmd.gov o al 415-749-8603 para solicitar servicios de interpretaci n.

可提供西班牙語口譯服務。其他語言的口譯服務需要提前至少72小時申請。透過電郵 aakaba@baaqmd.gov 或撥打 415-749-8603 聯絡Azibuike Akaba申請口譯服務。

Magkakaroon ng interpretasyon sa Espanyol. Ibibigay ang interpretasyon para sa ibang mga wika kapag hiniling nang 72 oras bago ang event. Kontakin si Azibuike Akaba sa aakaba@baaqmd.gov o 415.749.8603 para humiling ng interpretasyon.

S  c  dịch vụ thông dịch tiếng Tây Ban Nha. Dịch vụ thông dịch cho các ngôn ngữ khác c  thể được cung cấp theo yêu cầu ít nhất 72 giờ trước sự kiện. Xin liên hệ Azibuike Akaba tại aakaba@baaqmd.gov hay 415.749.8603 để yêu cầu dịch vụ thông dịch.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Tanggapan ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)